**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 15, 205-217




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Pagtatasa sa mga pangangailangan para sa bayanihang komunikatibo *project*

Varona, Fe A. ✉
*Cebu Technological University- Main Campus, Philippines (varona8421@gmail.com)*
Noval, Arnel T.
*Cebu Technological University- Main Campus, Philippines (arnelnoval663@gmail.com)*
Cebe, Danilo F.
*Cebu Technological University- Main Campus, Philippines (danilocebe72@gmail.com)*

**Received**: 20 June 2026 **Revised**: 2 July 2026 **Accepted**: 6 July 2026
**Available Online**: 7 July 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26283


## *Abstrak*

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga pangangailangan sa kasanayang pangkomunikasyon ng mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu bilang batayan sa pagbuo ng Bayanihang Komunikatibo *Project*, isang programang pang-ekstensiyon na nakatuon sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa komunikasyon. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik na may kombinasyon ng kwantitatibo at kwalitatibo sa paglikom ng datos hinggil sa kalagayan, mga hamon sa pag-aaral, motibasyon, at mga kasanayang nais pang mapaunlad ng mga kalahok. Dalawampung (20) kalahok ang naging mga respondente sa pag-aaral. Gumamit ng talatanungan na may sarado at bukas na mga tanong na isinulat sa wikang Cebuano at sinundan ng impormal na panayam. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral ang apat na nabuong pangunahing tema: mga hamon sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat, kahalagahan ng pagsasalita sa pang-araw-araw na buhay, pangangailangan sa holistikong kasanayan sa komunikasyon, at pagharap sa mga nakaraang hamon sa akademiko. Natuklasan din na 40% ng mga kalahok ang nagnanais na mapaunlad ang lahat ng aspekto ng komunikasyon gaya ng pagbasa, pagsulat, at pagsasalita, samantalang 35% ang nagbigay-priyoridad sa kasanayan sa pagsasalita. Ipinahihiwatig lamang na may mataas na antas ng motibasyon ng mga kalahok na paunlarin ang kakayahang pangkomunikasyon para sa mas maraming oportunidad sa edukasyon, hanapbuhay, at pakikilahok sa lipunan. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapatupad ng mga pagsasanay na nakabatay sa pangangailangan ng mga kalahok, pagsasagawa ng paunang pagtataya, at pagpapalakas ng suporta para sa mga programang pang-ekstensiyon na magtataguyod ng komunikasyon at literasiya.


***Mga Susing Salita:*** kasanayang pangkomunikasyon, deskritibong pamamaraan, programang pang-ekstensiyon, kabataang hindi nakaenrol sa pormal na edukasyon, Lungsod ng Cebu

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

## Pagtatasa sa mga pangangailangan para sa bayanihang komunikatibo *project*

### 1. Panimula

Sa kasalukuyang panahon, mahalagang suriin kung sa anong antas natatamo ng mga indibidwal ang epektibong kasanayang pangkomunikatibo na kinakailangan upang maging matagumpay sa kanilang kasalukuyan at hinaharap na buhay. Tinalakay sa internasyonal na seminar ng UNESCO (2022) na mahalaga ang panghabambuhay na pagkatuto para sa personal at propesyonal na pag-unlad. Ayon sa ikaapat na Layunin para sa Napapanatiling Kaunlaran (Sustainable Development Goal 4) - De-kalidad na Edukasyon o *Quality Education*, na naglalayong tiyakin ang inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa lahat at itaguyod ang panghabambuhay na pagkatuto bilang pangunahing layunin ng Adyenda 2030 (García, Magaña, & Ariza, 2020). Samakatuwid, nangangailangan ito ng tuloy-tuloy na proseso ng pagkuha ng kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga sa iba't ibang yugto at larangan ng buhay upang matiyak ang inklusibo, patas, at de-kalidad na edukasyon para sa lahat (United Nations, 2015).

Mabilis ang pagbabago ng panahon, gayundin ang pamamaraan ng pagpapahatid at paggamit ng komunikasyon dahil sa mga makabagong teknolohiya. Sa anumang uri ng komunikasyon, ang salita, pangungusap, o paksa ay kailangang mailahad at magamit nang naaayon upang maging malinaw, upang maunawaan nang mabuti ng nakikinig o tumatanggap ng mensahe (Lagata & Marbella, 2024). Kaya't sa pamamagitan ng edukasyon, nagkakaroon ng kakayahang makipag-unawa ang mga tao sa mundo, nalalaman ang kanilang mga karapatan, at nakapipili nang mabuti at hindi. Ang pagtuturo sa mga tao kung paano isaayos ang papel sa lipunang kinabibilangan ay nagpapalakas sa isang bansa at nagpapanatili ng kakayahang mamuhay. Ang pagkakaroon ng kakayahang pangkomunikatibo ay nagbibigay-daan sa mga kabataan na umunlad at payabungin pa ang kanilang kakayahang ito (Batuigas et al., 2025). Kaya'y pinili ng mananaliksik na bigyang-tuon at bigyang-halaga ang ilang kabataan sa lipunan, partikular ang mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu upang matukoy ang kanilang mga pangangailangan, hamon, at potensiyal sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang pangkomunikatibo. Sa pamamagitan nito, inaasahang mabibigyan sila ng pagkakataong mapaunlad ang kanilang tiwala sa sarili, kakayahan sa pakikisalamuha, at kahandaang harapin ang mga suliranin at hamon sa pang-araw-araw na pamumuhay. Pinagsumikapan na maipaabot sa kanila ang mga kakayahang nararapat, pati ang mga susi, upang malutas ang mga pang-araw-araw na problema at ihanda ang kanilang kinabukasan.

Sa panahon ng pakikisabay sa makabagong paraan ng komunikasyon at tuloy-tuloy na paggamit ng impormasyon, mahalaga ang kasanayang komunikatibo ng bawat indibidwal, lalo na sa mga kabataang hindi na nakapagpapatuloy ng pormal na edukasyon o tinatawag na out-of-school youth (OSY) (Sonido & Osalla 2016). Ang kakulangan sa epektibong pakikipagtalastasan ay nagiging hadlang sa kanilang partisipasyon sa mga gawaing pangkomunidad, paghahanapbuhay, at paglinang ng sarili.

Sa ganitong punto, mahalagang maisagawa ang isang pagsasanay na tutugon sa kanilang pangangailangan para sa batayang kasanayang komunikatibo. Layunin na linangin ang kanilang kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat upang magkaroon ng mas malaking oportunidad sa hanapbuhay, edukasyon, at pakikisalamuha sa lipunan. Sa pamamagitan ng programang isinaayos at dinisenyo, inaasahang mabibigyan ng lakas ng loob at tiwala sa sarili upang muling makilahok sa mga makabuluhang gawain at maging produktibong kasapi ng pamayanan (Lutog, 2026).

Katulad ng mga out-of-school youth (OSY) partikular na ang mga nabigyan ng pagkakataon upang mas maging maayos ang kinabukasan. Sapagkat sila ang nangangailangan ng pormal na pag-aaral dahil sa iba't ibang kadahilanan gaya ng kahirapan, kakulangan sa akses sa edukasyon, o personal na suliranin. Mahihinuhang ang kasanayang nararapat sana ay matamo ng mga kabataang ito ay marami ang hindi nakatanggap ng wastong

edukasyon na kinakailangan. Ayon kay Diez et al. (2024) marami ang nahihirapang makilahok sa mga gawaing pangkomunidad, magpahayag ng kanilang sarili, o makamit ang mga oportunidad na makatutulong sa kanilang pag-unlad. Maituturing na ang kakulangan sa batayang kasanayang komunikatibo ay hadlang sa muling pakikilahok at pagganap sa lipunan (Mashall et al., 2024).

Bilang tugon sa suliraning ito, isinagawa ang pagkilala at pagpapatupad ng programang *"Bayanihan para sa kabataan: Pagsasanay sa Batayang Kasanayang Komunikatibo."* Sa diwa ng bayanihan at malasakit, layunin ng programang ito na bigyang-lakas at kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng paglinang ng kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Sa tulong ng mga makabuluhang gawain at praktikal na pagsasanay na akma sa kanilang antas at konteksto, inaasahang mahuhubog ang kanilang tiwala sa sarili at kahandaan na muling makibahagi sa lipunan bilang mga produktibong mamamayan.

Sa puntong ito, kinikilala ng programang ito na ang tunay na edukasyon ay para sa lahat at pantay na matatamasa at hindi mapag-iiwanan ng kakayahang pangkomunikatibo, upang sa gayon ay maisaalang-alang ang kanilang tinig, kinabukasan, at papel sa pamayanan.

## 2. Balangkas Teoretikal

Upang maunawaan ang paglinang ng komunikatibong kakayahan ng mga kabataang hindi na nakapagpapatuloy ng pormal na edukasyon, iniangkla ng mananaliksik ang Teorya ng Self-Efficacy ni Bandura, ang Teorya ng Social Emotional Learning (SEL) (Penton Hererra, 2020), at ang Teorya ng Pagkatutong Batay sa Karanasan o Experiential Learning Theory na nagsisilbing matibay na batayan sa pagbuo ng pag-aaral na ito. Binibigyang-diin ng mga balangkas na ito ang sikolohikal at sosyal na aspeto ng pagkatuto, na nagpapakita kung paano makabubuo ang mga kabataan ng katatagan, kumpiyansa, at kakayahang umangkop sa kanilang kasanayan sa komunikasyong nakalaan at inihanda para sa kanila.

### *2.1 Teorya ng Self-Efficacy.*

Batay pa kay Bandura (1977), ang *self-efficacy* o Paniniwala sa Sariling Kakayahan na tumutukoy sa sariling kakayahan at paniniwala ng isang indibidwal na magiging magtagumpay sa mga tiyak na gawain o sitwasyon, at ito ay may mahalagang papel sa motibasyon, pagpupursige, at personal na pag-unlad. Dagdag pa sa teoryang *Self-Efficacy* (Bandura, 1997), inilalarawan nito ang apat na pangunahing pinagmumulan ng paglinang ng *self-efficacy*, gaya ng kakayahang personal. Sa puntong ito, pinaniniwalaan na likas sa tao ang pagkakaroon ng mga kakayahan na naaayon sa kanyang pangangailangan at sitwasyon. Ang isang indibidwal ay matatamo ang minimithi at layunin sa buhay kung mapaghuhusay at malilinang ang kasanayan sa sarili, sapagkat bawat indibidwal ay may angking kakayahan na makagawa ang mga bagay na makabubuti sa kanya. Ang pagkatuto mula sa mga naobserbahan sa kapwa, sa puntong ito, ay nagsasaad na habang ang isang indibidwal ay nakikihalubilo at nakikiisa sa kanyang paligid, nagiging matagumpay ang bawat gawain sa tulong ng mga sitwasyon sa kanyang paligid upang magsilbi itong huwaran sa kanyang sarili. Pinaniniwalaang may positibong panghihikayat mula sa kapwa at sa kalagayang emosyonal.

Ayon pa kay Waddington, J. (2023), ipinahihiwatig lamang na ang paniniwala ng isang indibidwal sa kanyang sariling kakayahan ay may malaking impluwensiya sa mga gawaing kanyang pinipili, sa lawak ng kanyang pagsisikap, at sa antas ng kanyang pagtitiyaga sa pagsasakatuparan ng mga gawain, lalo na kapag nahaharap sa mga balakid at suliranin sa kinabibilangang sitwasyon at kalagayan sa buhay.

### *2.2 Experiential Learning Theory (ELT).*

Ang Teorya ng Pagkatutong Batay sa Karanasan ay teoryang binuo ni Kolb na itinuturing na epektibong pamamaraan ng pagtuturo (Alkan, F., 2016) at maiuugnay din naman sa pahayag ni Cherry, K. (2022) na tumutulong ito sa isang indibidwal na matuklasan at mapalawak ang sariling mga kalakasan habang natututo ng mga bagong bagay. Ang eksperyensiyal na pagkatuto ay nangangailangan ng aktibong pakikipag-ugnayan,

gayundin ng instruktor na nagsisilbing tagapag-ugnay ng proseso ng pagkatuto. Ito ay nilayon na maging isang aktibo, dinamikong alternatibo sa tradisyonal na pagtuturo sa silid-aralan na dapat maging interaktibo at kolaboratibo para sa mga kasangkot. Ang karanasan sa pag-aaral ay maaaring maging mabuti sa pagtulong sa mga tao na tuklasin ang kanilang sariling mga lakas habang natututo ng mga bagong bagay. Tinutugunan ng teorya kung paano mapapabuti pa ang sariling mga kalakasan pati na rin ang pagpapahusay pa ng mga kahinaan. Dagdag pa, ang pinakasusi sa eksperyensiyang pagkatuto ay maipaabot ang kabuuang proseso ng maayos na pagkakasunod-sunod ng mga gawain (McLeod, 2017). Sa pamamagitan ng paglikha, katulad ng normal na gawain sa klase, nagkakaroon ng mga bagong karanasan na maaaring sumailalim sa isa pang yugto ng proseso.

Ang mga prosesong pangkaranasan ay magsisilbing pagganap ng mga benepisyaryo upang maging makabuluhan ang karanasang matatamo. Nakasalalay din naman sa pamamaraan ng tagapagturo ang positibong resulta sa pagganap sa pagpapahayag. Bilang mga tagapagturo, maaaring gumamit ng iba't ibang diskarte upang matulungan ang mga benepisyaryo na maging mas mahusay na tagapagsalita. Ang aralin ay nararapat lamang na isama sa isang serye ng mga aktibidad upang isali ang mga benepisyaryo bilang mga mag-aaral sa aralin sa pamamagitan ng pakikilahok sa sesyon. Ang mga aralin na nakatuon sa aktibidad ay maaaring mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa nilalaman sa pamamagitan ng pagsasanay. Gaya ng pahayag ni Naibaho (2019), ang pagsasalita ay isang produktibong kasanayan na mahalaga sa pag-aaral. Kagaya na rin ng naging pahayag nina Gregory at Chapman (2013) na ang mga mag-aaral ay natututo at nagpoproseso ng impormasyon sa iba't ibang paraan, kaya marapat lamang na ang guro ay gumamit ng mga estratehiya na makasasabay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Samantala, ang pangunahing responsable para sa mga resulta ng pag-aaral ay ang pag-aaral na nakasentro sa mag-aaral, na sumusubok na maghatid ng mabuting awtonomiya at responsibilidad sa pag-aaral sa mga mag-aaral mismo. Magiging mas aktibo ang mga mag-aaral sa kung paano nagaganap ang pagtuturo, sa halip na maging pasibong tatanggap lamang ng plano ng pagtuturo ng guro. Naiimpluwensyahan ng mga mag-aaral ang nilalaman, aktibidad, materyales, at bilis ng pagkatuto. Inilalagay ang mga gawain at mga mag-aaral sa gitna ng proseso ng pagkatuto. Ang guro ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pagkakataong matuto nang nakapag-iisa at mula sa isa't isa, at tinuturuan sila ng mga kasanayang kailangan nila upang magawa ito nang epektibo.

***Integrasyon ng mga Teorya sa Pagsasanay sa Komunikasyon -*** Ang pagsasanib ng mga nabanggit na Teorya ng Paniniwala sa Sariling Kakayahan *(Self-Efficacy Theory),* Teorya ng Panlipunan at Emosyonal na Pagkatuto (SEL), at Teorya ng Pagkatutong Batay sa Karanasan ay nagbibigay ng komprehensibong balangkas para sa pagpapaunlad ng kabataan. Ang paniniwala sa sariling kakayahan ay nagsisilbing pundasyon ng panloob na motibasyon, pagtitiyaga, at pagpupunyagi sa pamamagitan ng mga karanasang nakatuon sa paglinang ng tiwala sa sarili. Ang mga teoryang ito ay magsisilbing batayan sa pagtamo ng mga kinakailangang kasanayang pangkomunikasyon at sa pagpapaunlad ng kakayahang makibahagi nang mabisa sa edukasyon, sa pamayanan, at sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga gawain at pagsasanay na inihanda para sa pagkatutong batay sa karanasan at mga programang paggabay, layunin ng mga estratehiyang ito na mapaunlad hindi lamang ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat kundi pati na rin ang emosyonal at panlipunang kakayahan ng mga kabataan. Sa gayon, nagkakaroon sila ng higit na kumpiyansa, positibong pagkakakilanlan, at mas malaking pagkakataong muling makilahok sa mga gawaing pang-edukasyon at pangkomunidad.

***Layunin ng Pananaliksik -*** Ang datos na nakuha mula sa sarbey ay ginamit upang matugunan ang mga sumusunod na layunin ng pag-aaral: Una, pagtukoy sa kasalukuyang katayuang pang-edukasyon ng mga kalahok; Ikalawa, ang paglalarawan sa mga karaniwang karanasan, hamon, at motibasyon sa pag-aaral o sa hindi pagpasok sa paaralan; at Ikatlo, ang pagtukoy sa mga tiyak na aspekto ng kasanayan sa komunikasyon na nangangailangan ng pagpapaunlad, na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mas angkop na disenyong programa ng pagsasanay.

## 3. Metodolohiya

***Pamaraan ng Pananaliksik -*** Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik, na gumagamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos upang masuri ang kalagayan at pangangailangan ng mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu. Pinili ang

pamamaraang ito upang makalikom ng impormasyon hinggil sa propayl ng mga kalahok, kanilang kasalukuyang katayuang pang-edukasyon, mga hamong kanilang kinaharap sa pag-aaral, at mga kasanayan sa komunikasyon na nangangailangan ng pagpapaunlad.

Sa pagkalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng instrumentong talatanungan na binubuo ng saradong tanong *(closed-ended)* at bukas na tanong *(open-ended)*. Ang mga saradong tanong ay nakatuon sa pagkuha ng datos tungkol sa edad, kasarian, antas ng edukasyon, at iba pang mahahalagang impormasyon, habang ang mga bukas na tanong ay nakatuon sa pagkuha ng mas malalim na pananaw ng mga respondente tungkol sa kanilang mga karanasan, hamon, at pangangailangan. Ginamit din at paraang tematikong pagsusuri sa mga tugon sa pamamagitan ng sistematikong pagkokoda at pagbubuo ng mga tema, Ang talatanungan ay isinulat sa wikang Cebuano upang matiyak ang malinaw na pag-unawa ng mga kalahok at mapadali ang kanilang pagsagot sa mga tanong. Matapos ang pagsasagawa ng sarbey, nagsagawa rin ng impormal na panayam upang makalikom ng karagdagang impormasyon na magbibigay-linaw sa kanilang mga tugon.

Isinagawa ng mananaliksik at tematikong pagsusuri ng kanilang mga tugon. Sa pamamagitan ng sistematikong pagkokoda at pagbubuo ng mga tema, natukoy ang mga pangunahing karanasan, pananaw, at salik na nakaimpluwensiya sa kanilang pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay ginamit upang matukoy ang mga pangangailangan ng mga kalahok at magsilbing batayan sa pagbuo ng isang programang pagsasanay na nakatuon sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon.

***Instrumento ng Pananaliksik -*** Ang talatanungan ay naglalaman ng ilang katanungan tungkol sa bilang at kasarian ng mga kalahok, kalagayan ng mga respondente, mga dahilan ng kanilang pag-alis sa paaralan, mga hadlang, hamon, at motibasyon **s**a muling pag-enrol, gayundin ang kanilang pagpili na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon sa pamamagitan ng isang programang pagsasanay. Ang sarbey ay isinagawa ng mananaliksik sa isang representatibong sample ng mga kalahok na itinakda ng tagapagpadaloy. Bukod sa sarbey, nagsagawa rin ng mga panayam ang mananaliksik sa pamamagitan ng isahan o impormal na interbyu upang makalap ang mas malalim na datos. Ang pamamahagi ng mga tanong ay isinagawa nang personal, sa tulong ng mga kinauukulang kawani, upang makakuha ng mga kuwalitatibong pananaw hinggil sa kanilang simpleng konteksto, mga hamong kinakaharap, at mga kagustuhan sa larangan ng literasi.

***Limitasyon ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay tutukoy lamang sa mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu bilang mga kalahok sa programang pagsasanay at hindi sumasaklaw sa lahat ng sa komunidad o sa ibang lugar. Nilimitahan din ang pag-aaral sa pagtukoy lamang ng kanilang preperensiya ng kasanayang pangkomunikatibo, mga hamong kinakaharap, at mga pangangailangan sa pagsasanay bilang batayan sa pagbuo ng isang programa o interbensiyon. Gayunpaman, hindi saklaw ng pag-aaral ang pagsukat sa pangmatagalang epekto ng anumang programang pagsasanay na maaaring mabuo batay sa mga natuklasan ng pananaliksik.

***Mga Kalahok sa Pananaliksik -*** Mayroong dalawampung (20) kalahok na napiling sumagot para sa inihandang talatanungan. Ang mga kalahok na ito ay itinakda at pinili mula sa isang piling barangay na malapit lamang upang madali silang makontak at masubaybayan sa pagsasagawa ng mga gawain. Isinagawa ang pangangasiwa ng sarbey para sa napiling 20 kalahok, na sinigurong malinaw at madaling maunawaan ang mga tanong ayon sa kanilang wikang panrehiyon. Karamihan sa mga respondente ay nasa edad na 19 taong gulang, kasunod ang mga nasa edad na labing-walo hanggang dalawampu. Ipinapakita nito na ang nakararami sa kanila ay nasa tamang edad ng kabataan. Sa usaping antas ng edukasyon, karamihan sa mga respondente ay nasa antas ng hayskul (9 sa 20 o 45%), sinundan ng mga nakatapos lamang ng elementarya (6 sa 20 o 30%), at mga nakapagtapos din ng hayskul (5 sa 20 o 25%). Ipinapahiwatig nito na malaking bahagi ng mga kalahok ay nakarating sa sekundaryang antas ng edukasyon ngunit hindi naipagpatuloy o hindi naabot ang mas mataas na antas ng pag-aaral.

***Etikal na Konsiderasyon -*** Bago ang pangangalap ng datos, isinagawa ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kalahok sa tulong at paliwanag ng katuwang na tagapangasiwa. Malinaw na ipinaliwanag sa mga respondente

ang layunin ng pag-aaral, ang uri at lawak ng kanilang paglahok, at ang inaasahang proseso ng pangangalap ng datos. Tiniyak din sa mga kalahok at katuwang, bago pa man ang paghingi ng pahintulot at paliwanag, ang pagiging kumpidensiyal ng lahat ng impormasyong ibabahagi. Ang kanilang pagkakakilanlan ay hindi isasapubliko at ang mga datos ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko ng pananaliksik.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Ang mga nakalap na datos mula sa sarbey ay sinuri gamit ang simpleng deskriptibong estadistika tulad ng dalas *(frequency)* at bahagdan *(percentage)* upang mailarawan ang simpleng propayl ng mga respondente, ang kanilang kasalukuyang katayuang pang-edukasyon, ang mga hamong kinaharap, at ang mga kasanayan sa komunikasyon na nangangailangan ng pagpapaunlad. Samantala, ang mga tugon mula sa bukas na tanong at impormal na panayam ay inayos, pinangkat, at sinuri batay sa mga umuusbong na tema upang higit pang maunawaan ang kanilang mga karanasan at mga pangangailangan sa programang inaasahan. Ang unang katanungan ay naglayon lamang na matukoy ang propayl at ang kasalukuyang katayuang pang-edukasyon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga impormasyong ito, ninais ng mananaliksik na maihanay ang mga ito upang magsilbing batayan sa pagbuo ng mga angkop na interbensiyon at mga programang suportang paglinang ng pangkomunikasyong kasanayan.

Ang ikalawang katanungan sa bahaging ito ay nakatuon sa mga hamong naranasan ng mga respondente sa kanilang pag-aaral. Binigyan ang mga kalahok ng iba't ibang pagpipilian tulad ng *schoolwork*, *time management*, guro, kapaligiran sa paaralan, personal na suliranin, at iba pa. Hiniling din sa kanila na magbigay ng paliwanag tungkol sa kanilang napiling sagot. Layunin ng bahaging ito na matukoy ang mga tiyak na isyung naging hadlang sa kanilang pagpasok at pagkatuto, na makatutulong sa pagtukoy ng mga pattern at mga posibleng punto ng interbensiyon. Ang kaalaman sa mga hamong ito ay mahalaga sa pagbuo ng mga estratehiya upang mapahusay ang mga mekanismong magiging suporta sa proyekto. Ang ikatlong katanungan naman ay humihiling sa mga respondente na tukuyin ang mga aspekto ng kasanayan sa komunikasyon na nais nilang paunlarin sa isasagawang pagsasanay. Ang mga pagpipilian ay: pasalita, pagsulat, at pagbasa, o lahat ng nabanggit. Nilapatan naman ang mga tugon ng tematikong pagsusuri sa pamamagitan ng sistematikong pagkokoda at pagbubuo ng mga tema at natukoy ang mga pangunahing karanasan, pananaw, at salik na nakaimpluwensiya sa kanilang pag-aaral.

## 4. Resulta at Diskusyon

***Propayl ng mga Respondente -*** Ang demograpikong propayl ng mga kalahok ay, una, batay sa edad ng mga respondente, karamihan ay nasa edad na labinsiyam (19), kasunod ang mga nasa labingwalo (18) at dalawampu (20). Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga kalahok ay kabilang sa huling yugto ng kabataan. Karamihan sa kanila ay lalaki (N=20; Male=15), samantalang ang iba ay babae (N=20; Babae=5).

***Pagtukoy sa kasalukuyang katayuang pang-edukasyon ng mga kalahok -*** Sa usapin naman ng antas ng edukasyon, karamihan sa mga respondente ay nasa antas ng hayskul, habang ang iba ay nasa elementarya o nakatapos na ng hayskul.

***Mga Karanasan sa Pag-aaral na Kinaharap ng mga Respondente -*** Makikita sa mga nakalap na datos na marami sa mga respondente ang nagpahayag ng "Lahat ng nabanggit," na nagpapahiwatig na ito ang pinakamahirap na bahagi ng hayskul at na ang kanilang mga suliranin ay bunga ng magkakaugnay na mga salik at hindi lamang ng iisang isyu. Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Eccles at Roeser (2011), na nagbibigay-diin na ang mga mag-aaral sa hayskul ay kadalasang nakararanas ng pinagsamang akademiko, sosyal, at personal na hamon na nakaaapekto sa kanilang kabuuang karanasan sa pag-aaral. Samantala, makikita sa resulta na ang **"mga guro"** ay isa sa mga pangunahing suliranin. Samakatuwid, hindi maiaalis na maaaring ipahiwatig nito ang mga isyung may kinalaman sa pagtuturo, pamamahala sa klase, o komunikasyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Ayon kay Hattie, J. (2023), ang ugnayan ng guro at mag-aaral ay may malaking papel sa motibasyon at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, kaya't ang mga hamon sa aspektong ito ay maaaring magkaroon ng makabuluhang epekto sa kanilang pagkatuto.

Dagdag pa rito, ang **"kapaligiran ng paaralan"** at **"personal na dahilan"** ay binanggit din bilang mga

hadlang. Maaaring ipahiwatig nito na ang mga isyu tulad ng bullying, kultura ng paaralan, at/o mga personal na suliranin ay nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunlad sa paaralan. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Wang, M.T. at Eccles, J.S. (2013), na nagsasaad na ang positibo at inklusibong kapaligiran sa paaralan ay mahalaga sa pagpapaunlad ng partisipasyon ng mag-aaral at sa pagbawas ng panganib ng paghinto sa pag-aaral. Maiuugnay ito sa ideya rin na mas mataas na pakikilahok ng mga mag-aaral, at mas mahusay na mga kinalabasan sa pagkatuto (Li, X., Bergin, C., Olsen, A. 2022). Samantala, kapansin-pansin na ang "akademikong gawain" at "pamamahala ng oras" ay hindi itinuturing na pangunahing suliranin. Ipinapahiwatig nito na hindi ang iskedyul ang pangunahing hadlang para sa mga respondente. Lumilitaw na ang kanilang mga karanasan ay higit na panlipunan at emosyonal kaysa purong akademiko, na sumusuporta sa pananaw ni Wentzel (2010) na ang kagalingang pang-mag-aaral at mga sistemang suportang panlipunan ay mahalagang salik sa kanilang tagumpay sa pag-aaral.

### *4.1 Mga Hamon at Motibasyon sa Pag-aaral na Kinaharap ng mga Respondente*

Samantala, masisilayan naman sa Talahanayan 1 ang mga hamon at motibasyon sa pag-aaral na kinaharap ng mga respondente batay sa isinagawang tematikong pagsusuri ng kanilang mga tugon. Sa pamamagitan ng sistematikong pagkokoda at pagbubuo ng mga tema, natukoy ang mga pangunahing karanasan, pananaw, at salik na nakaimpluwensiya sa kanilang pag-aaral. Ang mga temang ito ay nagsisilbing batayan sa mas malalim na pag-unawa sa kalagayan ng mga respondente at sa pagbuo ng mga rekomendasyong makatutugon sa kanilang mga pangangailangang pangkomukikatibo.

**Talahanayan 1**
*Mga Hamon at Motibasyon sa Pag-aaral na Kinaharap ng mga Respondente*

| Tema | Pahayag |
|---|---|
| Mga Hamon sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat | *"Malibog ko sa lisod nga mga pulong."*<br>*"Hinay kaayo ko mobasa labi na kung adunay mga pulong nga lisod sabton."*<br>*"Lisod pagsulat labi na kung taas na kaayo."*<br>*"Gusto ko makat-on pagsulat, kay dako kaayo ni'g tabang."*<br>*"Gusto ko makat-on kung unsaon pagsulat"* |
| Kahalagahan ng Pagsasalita sa Pang-araw-araw na Buhay | *"Importante kaayo ang pagsulti sa adlaw-adlaw"*<br>*"Kinahanglan kabalo mosulti sa atubangan sa daghang tawo, aron dili ko maulawan."*<br>*"Aron makahibalo ko labi na kung mangaplay ko og trabaho."*<br>*"Kung kabalo ka mosulti og tarong, mas naa dali makab-ot sa kinabuhi."*<br>*"Gusto ko makat-on unsaon pagsulti aron dili na ko mahadlok."* |
| Pangangailangan sa Holistikong Kasanayan sa Komunikasyon | *"Mas maayo nga makat-on sa tanan kay tanan man importante para nato."*<br>*"Gusto ko tarungon akong kaugalingon dili lang para nako kundili para pud sa akong pamilya."*<br>*"Lisod kung usa ra ka butang ang imong tun-an."*<br>*"Gusto ko makat-on"*<br>*"Ang tanan nga nahisgutan nga kahanas makatabang sa atong paglambo."* |
| Pagharap sa mga Nakaraang Hamong Akademiko | *"Lisod para nako ang tanan, labi na kay sige kog absent sauna ug dili ko moapil sa klase."*<br>*"Importante kaayo nga makat-on ta bisan gamay sa tanan kay basin abi nimo usa ra ka nga maayo pero daghan pa diay ka'g kulang.* |

### *4.2 Mga Hamon sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat*

Matutunghayan sa mga pahayag ng ilang respondente na ang pagbasa at pagsulat ay nananatiling isang mahalagang hamon para sa kanila, partikular sa pag-unawa sa mga malalalim na salita at sa bilis ng pagbasa. Ang mga tugon na naglalahad ng pagkalito sa mahihirap na salita at mabagal na pagbasa ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa kasanayan sa *fluency* sa pagbasa at kalinangan sa bokabularyo, na maaaring magdulot sa kanila ng pangangailangan sa pagkatuto at sa pang-araw-araw na komunikasyon. Ayon pa nga sa ulat ng Philippine Star (2010), karamihan sa mga mag-aaral na Pilipino ay hindi nagtataglay ng sapat na kasanayan sa matatas na pagbasa. Naitala rin na ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansang may mataas na bilang ng mga mag-aaral na may mababang performans sa lahat ng bansang lumahok sa PISA. Iniulat na 80% ng mga mag-aaral na Pilipino ang hindi umabot sa minimum na antas ng kasanayan sa pagbasa.

Dalawa (2) sa mga respondente na ang nagpahayag ng sumusunod: (K4) *"Malibog ko sa lisod nga mga pulong"* (Nalilito ako sa mga malalalim na mga salita) at (K5) *"Hinay kaayo ko mobasa labi na kung adunay mga pulong nga lisod sabton"* (Mabagal ako magbasa sa lalo na kung mahirap ito unawain) na samakatuwid ay may angkin sila na hangarin na higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahang magbasa nang mas mahusay at mas matatas. Makikita rin sa kanilang mga tugon ang mataas na antas ng kamalayan sa kanilang sariling kahinaan at ang malinaw na pagnanais na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Ipinahihiwatig nito na may positibong disposisyon sila sa pagkatuto at bukas sa mga programang magpapalakas ng kanilang mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Dahil dito, mahalagang maisama sa programang pagsasanay ang mga gawaing nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapahusay ng komprehensiyon sa pagbasa, at pagpapataas ng katatasan sa pagbasa upang mas maging handa sila sa akademikong, sosyal, at pangkabuhayang aspeto ng kanilang buhay (Taglucop et al., 2024).

Samantalang batid ng mga respondente ang mga kasanayang nais nilang mapaunlad, isa rito ang kasanayan sa pagsulat. Ayon kina Suastra, I. M., & Menggo, S. (2020), ang mabisang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ay mahikayat ang aktibong pakikilahok, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Pinatutunayan ito ng pahayag ng mga respondente: (K13) *"Lisod pagsulat labi na kung taas na kaayo"* (Hirap ako magsulat lalo na kung mahaba), (K8) *"Gusto ko makat-on pagsulat, kay dako kaayo ni'g tabang"* (Gusto kong matuto magsulat dahil malaki ang maitutulong nito), (K6) *"Gusto ko makat-on kung unsaon pagsulat"* (Gusto ko matuto kung paano magsulat). Samakatuwid, nagpapahiwatig lamang ito na ang mga pahayag na ito ay nagpapahayag ng pangangailangan at kahalagahan ng pagsulat bilang kakayahan ng isang indibidwal.

Dagdag pa rito, ang pagsulat ay isa sa mahahalagang kasanayan sa pagkatuto ng wika sapagkat nakatutulong ito sa pagpapatibay ng estrukturang panggramatika, pagpapalawak ng talasalitaan, paghubog ng organisadong pag-iisip, at pagpapalakas ng iba pang kasanayang pangwika tulad ng pakikinig, pagsasalita, at pagbasa (Javed, Juan, at Nazli, 2013; Nodoushan, 2014). Makikita sa mga tugon na kinikilala ng mga respondente ang kahalagahan ng pagsulat sa kanilang pang-araw-araw na buhay, sa pag-unlad ng edukasyon, at sa mga oportunidad sa trabaho. Ang kanilang mga pahayag ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa pagpapaunlad ng wasto at karaniwang anyo ng pagsulat, at ng kakayahang maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya sa pamamagitan nito. Sa kabilang dako naman ng tema, isinasaad na ang pagsasalita ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang kasanayang pangwika kumpara sa iba pang kasanayan tulad ng pagbasa, pakikinig, at pagsulat.

*4.3 Kahalagahan ng Pagsasalita sa Pang-araw-araw na Buhay*

Ang pagsasalita ay mahalagang kasanayan na hindi lamang nakatutulong sa akademikong pag-unlad kundi pati na rin sa personal, panlipunan, at propesyonal na aspeto ng buhay ng isang indibidwal. Pinatutunayan ito ng mga pahayag ng ilang respondente gaya ng: (K12) *"Importante kaayo ang pagsulti sa adlaw-adlaw",* (Mahalaga ang pagsasalita sa araw-araw, (K14) *"Kinahanglan kabalo mosulti sa atubangan sa daghang tawo, aron dili ko maulawan"* (Dapat marunong magsalita sa harap ng ibang tao para hindi ako mapahiya), (K1) *"Aron makahibalo ko labi na kung mangaplay kog trabaho"* (Para marunong ako lalo na kapag mag-aaplay ng trabaho), (K9) *"Kung kabalo ka mosulti og tarong, mas naa dali makab-ot ang gusto sa kinabuhi" (*Kapag marunong ka magsalita nang maayos mas madali matatamo ang buhay ang nais sa buhay), (K20) *"Gusto ko makat-on unsaon pagsulti aron dili na ko mahadlok"* (Gusto kong matuto magsalita para hindi na ako matakot). Binibigyang-diin nina Munte et al. (2026) na ang positibong pagpapahalaga sa sarili ay isang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita, sapagkat nakatutulong ito sa paglinang ng tiwala sa sarili at aktibong pakikilahok sa mga gawaing komunikatibo. Kung kaya, batay sa mga naging tugon, lima sa mga respondente ang pumili ng pagsasalita bilang pangunahing kasanayang nais nilang mapaunlad. Ipinapakita nito ang pangangailangang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pasalitang komunikasyon. Maaaring kinilala rin ng mga respondente na mahalaga ang paglinang ng kasanayan sa pagsasalita upang mapataas ang tiwala sa sarili, mapalago ang karera sa buhay, at mapalalim ang personal na pag-unlad.

Mapapansin din mula sa mga tugon ng mga respondente na ang pagsasalita ay hindi lamang isang kasanayang

pangkomunikasyon kundi isa ring mahalagang instrumento sa pagpapataas ng tiwala sa sarili, pakikisalamuha, at paghahanda sa trabaho upang sa gayon ay makayanan ang pagpapahayag kahit man lamang sa sariling dayalekto. Ang takot sa pagsasalita sa harap ng ibang tao at paglahok sa mga talakayan ay ilan sa mga hadlang na kinakaharap ng mga *respondente*, kaya marahil ito ang dahilan kung bakit nila nakikita ang pangangailangang mapaunlad ang kasanayang ito. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na mahalagang maisama sa programang pagsasanay ang mga gawaing nakatuon sa pagpapalakas ng pasalitang komunikasyon, tulad ng pasalitang gawain, *role-playing*, pangkatang talakayan, at mga gawaing makapagpapataas ng kanilang tiwala sa sarili. Sa pamamagitan nito, maaaring mapataas ang kanilang kakayahang makipagkomunikasyon nang epektibo, mapalawak ang kanilang mga oportunidad sa trabaho, at mapalakas ang kanilang pakikilahok sa komunidad at sa lipunan.

*4.4 Pangangailangan sa Holistikong Kasanayan sa Komunikasyon*

Karaniwang binibigyang-diin ng pormal na sistema ng edukasyon ang kahalagahan ng wika bilang pundasyon ng pagkatuto at gayundin ang salik na nakaiimpluwensiya sa akademikong pagganap at sikolohikal na kagalingan ng mga mag-aaral (Wang et al., 2025). Upang makasabay sa makabagong panahon, mahalagang malinang ang holistikong kasanayan sa komunikasyon ng mga henerasyon ngayon. Kaugnay nito, mahalagang malinang ang holistikong kasanayan sa komunikasyon na sumasaklaw sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat upang maging mabisa ang pakikipag-ugnayan at pagkatuto. Batay na rin sa mga naging kabuuang tugon ng mga respondente na ginrupo at sinuri ng mananaliksik ang ilan na gaya ng: (K17) *"Mas maayo nga makat-on sa tanan kay tanan man importante para nato"* (Mas mabuti na matutunan ang lahat dahil importante ang lahat para sa atin)", (K10) *"Gusto ko tarungon akong kaugalingon dili lang para nako kundili para pud sa akong pamilya"* (Gusto ko ayusin ang aking sarili hindi lang para sa akin kung hindi para rin sa aking pamilya), (K18) *"Lisod kung usa ra ka butang ang imong tun-an"* (Mahirap kung isa lang ang matutunan), (K3) *"Ang tanan nga nahisgutan nga kahanas makatabang sa atong paglambo"* (Ang lahat na nabanggit na pagpapahusay makakatulong sa ating pag-unlad), (K11)"*Gusto ko makat-on"* (Gusto ko matuto). Batay na rin sa mga naging tugon ng mga respondente, nagpapakita lamang na handa at may interes sila sa anumang makapagpapahusay sa sarili. Batid nila na ang pagpapaunlad ng kanilang sarili ay bahagi ng pagbibigay sa kanilang personal na pag-unlad, kumpiyansa sa sarili, at mga oportunidad sa hinaharap. Ipinahihiwatig lamang na kinakailangan ang isang holistikong programang pagsasanay sa komunikasyon upang matugunan ang magkakaugnay na pangangailangan ng mga kalahok sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita. Sa pamamagitan nito, mapapalakas ang kasanayan, kumpiyansa sa sarili, at kahandaan sa pagharap sa mga hamon sa edukasyon, trabaho, at pakikilahok sa lipunan.

*4.5 Pagharap sa mga Nakaraang Hamong Akademiko*

Mula sa mga tugon ng mga respondente, masisilayan ang mga pahayag at karanasan tungkol sa kanilang mga nakaraang hamong akademiko at kung paano nakaapekto ang mga ito sa kanilang pagkatuto at sa desisyon nilang huminto sa pag-aaral. (K2) *"Lisod para nako ang tanan, labi na kay sige kog absent sa una ug dili ko moapil sa klase"* (Mahirap sa akin ang lahat, lalo na panay akong absent at hindi ako sumasali sa klase). Batay na rin sa tugon ng ikalawang kalahok, mapapansin sa positibong perspektiba sa kanyang pahayag na isang paghihinayang ang hindi o walang matutunan sa pagliban sa klase, subalit maaaring matanto na sa kabila ng kanyang kawalan sa klase ay may mga aral na maaaring matutuhan ng isang mag-aaral. Samantala, ayon naman sa tugon ni (K15) *"Importante kaayo nga makat-on ta bisan gamay sa tanan kay basin abi nimo usa ra ka nga maayo pero daghan pa diay ka'g kulang*". (Napakaimportante na matuto kahit kaunti dahil akala lang natin na marunong na tayo, pero marami pa pala ang kulang.) Sa pahayag ng respondente, mailalarawan kung gaano pa patuloy ang pagkatuto kahit kaunti lamang, dahil maaaring akala natin ay sapat na ang ating kaalaman, ngunit marami pa rin palang dapat pang pag-aralan at pagbuti sa sariliay isang patuloy na proseso ng pag-unlad at pagwawasto ng mga kakulangan. Nagpapahiwatig lamang ang mga tugong nabanggit ng mga respondente na ang pagkakataong matuto ay pagtanggap na ang kaalaman ay isang patuloy na proseso ng pag-unlad at pakikibaka sa pagpapahusay ng sarili.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ito na mahalaga ang mga natuklasan para sa edukasyon at maaaring gamitin bilang gabay sa pagbuo ng mga programang pang-ekstensiyon na tumutugon sa tunay na pangangailangan

ng mga kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon. (Albert et al., 2024) Para sa mga guro at tagapagpatupad ng programa, magsisilbi itong tulong sa pagbuo ng mga angkop na interbensiyon at makabuluhang gawain sa pagkatuto. Para sa mga benepisyaryo, inaasahang makakatulong ito upang mapalakas ang kanilang motibasyon at mga kasanayang kailangan para sa tuloy-tuloy na pagkatuto at paghahanda sa trabaho. Para naman sa mga institusyong pang-edukasyon, maaari itong makatulong sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga programang pangkomunidad na mas akma sa pangangailangan ng mga benepisyaryo.

*4.6 Kasanayan sa Komunikasyon na Nangangailangan ng Pagpapaunlad*

Inilahad naman ang distribusyon ng mga kasanayang komunikasyon na nais paunlarin ng mga respondente. Inilalarawan dito ang kanilang mga prayoridad sa pagkatuto sa larangan ng pagbasa, pagsulat, at pagsasalita, batay sa datos na nakalap mula sa sarbey. Ang talahanayang ito ay nagsisilbing batayan upang matukoy kung aling mga kasanayan ang dapat bigyang-diin sa pagsasaayos ng programa ng pagsasanay upang mapalakas ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon. Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang mga pahayag ng ilang respondente na ang pagbasa at pagsulat ay nananatiling isang mahalagang hamon para sa kanila, partikular sa pag-unawa sa mga malalalim na salita at sa bilis ng pagbasa. Ang mga tugon na naglalahad ng pagkalito sa mahihirap na salita at mabagal na pagbasa ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa kasanayan sa *fluency* sa pagbasa at sa bokabularyo, na maaaring magdulot sa kanila ng pangangailangan sa pagkatuto at sa pang-araw-araw na komunikasyon.

**Talahanayan 2**
*Mga Kasanayang Komunikasyon na Nais Paunlarin ng mga Respondente*

| Kasanayan | Dalas (f) | Porsyento (%) |
|---|---|---|
| Lahat ng Tatlong Kasanayan (Pagbasa, Pagsulat, Pagsasalita) | 8 | 40% |
| Pagsasalita | 7 | 35% |
| Pagsulat | 3 | 15% |
| Pagbasa | 2 | 10% |
| Wala sa lahat | | |
| Kabuuan | 20 | 100% |

Masisilayan mula sa talahanayan na halos lahat ng mga respondente mula sa kabuuang dalawampu (20) na tinanong ay tumugon na nais nilang paunlarin ang lahat ng tatlong kasanayan: pagbasa, pagsulat, at pagsasalita. Samakatuwid, umabot ito sa apatnapung bahagdan (40%) ng kabuuan. Nagpapahiwatig lamang ito na matibay ang interes sa paglinang ng komprehensibong kasanayan sa komunikasyon na nais na mapabuti, na mahalaga para sa tagumpay ng isang indibidwal sa anumang larangan. Ayon kina Ober, T. M., Johnson, D. G., Liu, L., Kinsey, D., at Courey, K. A. (2024), ang komunikasyon ay isang mahalagang kasanayang kinakailangan upang maging handa ang mga indibidwal sa mga hamon ng hinaharap. Binibigyang-diin nila na ang epektibong komunikasyon ay hindi lamang nakatutulong sa tagumpay sa akademiko kundi pati na rin sa propesyonal at panlipunang konteksto.

Samantala, mula naman sa ibang kasanayan, ang pagsasalita ang may pinakamataas na prayoridad sa mga kalahok sapagkat, batay na rin sa mga naging tugon, nagpapakita na tatlumpu't limang porsiyento (35%) ng mga kalahok ang may pangangailangan sa kasanayan sa pasalitang komunikasyon. Naaayon naman ito sa pag-aaral na binibigyang-diin ang kahalagahan ng kahusayan sa pagsasalita sa larangan ng trabaho at pakikisalamuha sa lipunan. Ang pagsulat (15%) at pagbasa (10%) naman ay mas mababa ang bilang ng mga pumili, ngunit maituturing pa rin ang mga naging tugon bilang batayan sa pagsasagawa ng implementasyon ng programa at bilang mahahalagang aspekto ng pagpapaunlad ng kasanayan. Ito ay nangangahulugan lamang na may mataas na antas ng motibasyon at interes ang mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu upang mapahusay ang kanilang mga kakayahan. Sa pamamagitan ng edukasyon, napauunlad ang buhay ng tao at napagtitibay ang mga pagsisikap tungo sa napapanatiling kaunlaran (García , E., Magaña, E., at Ariza, A., 2020). Binigyang-diin pa na, ang de-kalidad na edukasyon ay hindi lamang nakatutulong sa personal na pag-unlad ng mga indibidwal kundi mahalaga rin sa pagsusulong ng napapanatiling kaunlaran at pagkamit ng mga layunin ng 2030 Agenda for Sustainable Development.

Batay sa talahanayan, malinaw na nais paunlarin ng mga respondente ang kanilang kasanayan sa

komunikasyon. Ang pagtukoy sa mga partikular na aspekto ng kasanayan na nangangailangan ng pagpapaunlad ay magsisilbing gabay sa pagbuo ng mas angkop na disenyo ng programang pagsasanay na tutugon sa kanilang mga pangangailangan. Mahalaga ang makabuluhang partisipasyon upang mapanatili at maisabuhay ang mga natamong kasanayan sa komunikasyon (Abiva, R., Tungol, R., Rivera, D., et al., 2025). Ayon kay Vacide (2019), ang mga mag-aaral na nagtatapos o humihinto sa pag-aaral nang walang sapat na kamalayan sa kanilang mga kakayahan at sa mga kompetensiyang hinihingi ng makabagong panahon ay maaaring hindi ganap na maging handa sa pagharap sa mga hamon ng lipunan, pati na rin sa mga pangangailangan sa paggawa at sa hanapbuhay.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay may mahalagang implikasyong pang-edukasyon sapagkat maaari itong magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programang pang-ekstensiyon at mga interbensiyong nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo ng mga kabataang hindi nakaenrol sa pormal na edukasyon. Isang mahalagang batayan sa pagsusuri ng kasalukuyang kurikulum at sa pagpapatupad ng mga maagap na interbensiyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Maaari rin itong magamit sa pagbuo ng mga estratehiya at gawaing pampagtuturo na nakatuon sa pagpapalakas ng mahahalagang kasanayang pangkomunikasyon, pagpapataas ng kumpiyansa sa sarili, at pagbabawas ng posibilidad ng paghinto sa pag-aaral ng mga mag-aaral na nakararanas ng akademikong kahinaan (Tamban et al., 2020).

## 5. Kongklusyon

Bilang konklusyon, ipinakikita ng mga natuklasan ng pag-aaral ang pangangailangan para sa isang programang pang-ekstensiyong nakatuon sa pagpapaunlad ng mga kasanayang pangkomunikasyon ng mga piling kabataang hindi kasalukuyang naka-enroll sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu. Ibatay ang programang ito sa kanilang mga tiyak na pangangailangan, hamon, at karanasan upang matiyak ang pagiging angkop at epektibo ng mga interbensiyon. Bigyan sila ng mga pagkakataong malinang ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon, partikular sa pagsasalita, upang mapataas ang kanilang tiwala sa sarili at mapalawak ang kanilang mga oportunidad sa edukasyon at sa hanapbuhay. Bukod dito, ang mga natuklasang ito ay nag-iiwan ng mahalagang implikasyong pang-edukasyon hindi lamang para sa mga komunidad kundi maging para sa mga pormal na paaralan. Nagsisilbi itong gabay para sa mga guro at praktisyuner sa pormal na sistema upang paigtingin ang mga maagang interbensiyon sa silid-aralan, gaya ng paggabay sa mga kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral na bulnerable o nakararanas ng akademikong paghihirap, upang maiwasan ang kanilang tuluyang paghinto sa pag-aaral. Samantala, para sa mga institusyong pang-edukasyon, ang datos na ito ay nagbibigay ng estratehikong direksyon upang magpatupad ng mas inklusibo, unibersal, at nakabatay sa pangangailangan na mga programang pangkomunidad.

***Rekomendasyon -*** Batay na rin sa pagsusuri ng datos at mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod upang higit na mapahusay ang mga susunod na interbensiyon at mapaunlad ang kasanayang pangkomunikasyon ng mga piling kabataang hindi kasalukuyang nakaenrol sa pormal na edukasyon sa Lungsod ng Cebu:

- Mapagyaman ang mga gawaing makatutulong sa pagsasanay sa kakayahang komunikatibo na natukoy batay sa pangangailangan ng mga respondente. Mahalagang maisama rin ang pangunahing pagtataya upang matukoy ang antas ng literasiya ng mga kalahok bago ang implementasyon ng programa.
- Sa pagsasakatuparan ng mga pagsasanay ay mahalagang makonsidera ang mga gawaing makatutulong na mapataas ang pananalig sa sariling kakayahan at ang pagsasaalang-alang sa motibasyon, damdamin, kaisipan, at preperensiya bilang mga kabataan sa mga progresibong gawain at wastong espasyo at panahon sa pakikilahok.
- Maipaigting ang pagpopondo at saklaw ng programang ekstensiyon ng institusyon at pakikipagtulungan para sa komunikasyon o literasiya bilang isa sa mga pangunahing tungkulin ng mga State Universities and Colleges (SUC). Sa pamamagitan ng pagtutulungan, mahalagang mabigyan ng sapat na pondo ang proyektong ekstensiyon upang sa gayon ay magampanan ang pagsasagawa ng mga pagsasanay at

regular na pagsubaybay at ebalwasyon upang masukat ang epekto ng mga interbensiyon at makapagbigay ng mga kinakailangang pagbabago at pagpapabuti sa programa batay sa pangangailangan ng mga benepisyaryo.

***AI Use Disclosure.*** Gumamit kami ng Anara AI- Research and Study para sa rebyu ng literatura, pagsasalin at pagsasaayos ng mga sanggunian. Sinuri at isinaayos ng mga may-akda ang lahat ng output, kabilang ang mga datos, beripikasyon, at pagsasaayos ng mga talahanayan. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa AI tools. Ganap na pananagutan ng mga may-akda ang nilalaman.

***Author's Contribution Statement:*** Fe A. Varona: para sa konseptuwalisasyon, pagsasaayos, paghahanda at paglikha ng kabuoang burador ng papel kasama na ang metodolohiya, instrumento at pagsasaayos ng mga datos. Arnel T. Noval: para sa gabay, mga ideya at pag-eedit ng ilang bahagi ng isasagawang pag-aaral. Danilo F. Cebe: para sa direksiyon ng isasagawang pangangalap ng datos, at administrasyon ng sarbey. Dr. Mitchelle D. Arroz: bilang pasasalamat sa suporta at sa kanyang pagiging eksperto sa proyektong pang-ekstensiyon.

## 6. Talasanggunian

Abiva, R., Tungol, R., Manalastas, F., Rivera, D., Castillo, M., Oconer, G., 2025. The alalay sa literasiya-pagbasa project: promoting functional literacy in the early grades through reading speed. Lukad: An Online Journal of Pedagogy Volume 4 Issue 2 (December 2025) 4 – 24. https://lukad.org/wp-content/uploads/2026/02/4-24_-Abiva-et-al_The-Alalay-sa-Literasiya-Pagbasa-Project.pdf

Albert, J. R., Mendoza, R. U., Cabalfin, D. L., Mahmoud, M. A. & Muñoz, M. S. (2024). *A Process Evaluation of the Philippine Alternative Learning System*. Discussion Papers. https://doi.org/10.62986/dp2024.31

Alkan, F. (2016). Experiential learning: Its effects on achievement and scientific process skills. *Journal of Turkish Science Education, 13*(2), 15–26. https://doi.org/10.12973/tused.10164a

Batuigas, T. G., Labor, C. T., Serban, N. T., Songahid, J. A., Templa, E. L., & Rosales, K. (2025, May). Pag unawa sa pagbasa at kakayahan sa balarila bilang predikator ng kakayahang akademiko sa filipino ng mga mag aaral sa baitang 10. *Ignatian International Journal For Multidisciplinary Research*, *3*(5), 156-184. Google Scholar. https://doi.org/10.5281/zenodo.15380310

Cherry, K. (2022, August 16). *Experiential learning theory: Benefits and applications*. Verywell Mind. https://www.verywellmind.com/experiential-learning-2795154

Diez, L., Oris, R., Javier, J., Samson, J., Salvador, M., Fabro, A.M. (2024). Fostering connections, nurturing prospects: A proposed communities of practice plan in re-engaging out-of-school youth. Journal of Interdisciplinary Perspectives, 2(11), 324–330. https://doi.org/10.69569/jip.2024.0503

Eccles, J. S., & Roeser, R. W. (2011). Schools as developmental contexts during adolescence. *Journal of Research on Adolescence, 21*(1), 225–241. https://doi.org/10.1111/j.1532-7795.2010.00725.x

García, E., Magaña, E. and Ariza, A. 2020. Quality education as a sustainable development goal in the context of 2030 agenda: bibliometric approach. https://doi.org/10.3390/su12155884

Gregory, G. H., & Chapman, C. (2013). *Differentiated instructional strategies: One size doesn't fit all* (3rd ed.). Corwin Press.

Hattie, J. (2023, March 30). *Factors that influence learning in schools*. Social Science Space. https://www.socialsciencespace.com/2023/03/factors-that-influence-learning-in-schools/

Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development*. Prentice-Hall.

Lagata, M. C. J., & Marbella, F. D. (2024, July). Kasanayan sa pasulat na filipino ng mga guro sa junior high school sa pampublikong paaralan sa lungsod sorsogon. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, *4*(7), 127-141.

Li, X., Bergin, C., & Olsen, A. A. (2022). Positive teacher-student relationships may lead to better teaching. *Learning and Instruction, 80*, 101581. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101581

Lutog, M. J. (2026). Evaluating the macro skills proficiency of out-of-school youth and adults. *Journal of applied linguistics and literacy (JALL)*, *10*(1), 133-141. https://doi.org/10.25157/jall.v10i1.21110

Marshall, J., Wylie, K., McLeod, S., McAllister, L., Barrett, H., Nana Akua Owusu, Shyamani Hettiarachchi, & Atherton, M. (2024). Communication disability in low and middle-income countries: a call to action.

BMJ Global Health, 9(7), e015289–e015289. https://doi.org/10.1136/bmjgh-2024-015289

McLeod, S.A. (2017). Kolb-Learning Styles and Experiential Learning Cycle. Simple Psychology. https://www.simplypsychology.org/learning-kolb.html

Munte, A. R. S. H., Pahmi, P., & Niah, S. (2026). The correlation between students' self-esteem and their speaking skill at Grade XI of SMA PGRI Pekanbaru. *Jurnal Pendidikan Amartha, 5*(1), 98–104. https://doi.org/10.57235/jpa.v5i1.8333

Naibaho, L. (2019). The effectiveness of scaffolding method on students' speaking achievement. *International Journal of Research – GRANTHAALAYAH, 7*(5), 193–201. https://doi.org/10.29121/granthaalayah.v7.i5.2019.839

Ober, T. M., Johnson, D. G., Liu, L., Kinsey, D., & Courey, K. A. (2024). *Communication as a future ready skill: A proposed framework and strategies for assessment*. ETS Research Institute.

Pentón Herrera, L. J. (2020). Social-emotional learning in TESOL: What, why, and how. *Journal of English Learner Education, (10)*1. Retrieved from https://stars.library.ucf.edu/jele/vol10/iss1/1

Sonido J. P., Osalla M. T. B. (2016). Online communication and youth participation in community activities. College, Laguna: College of Development Communication, University of the Philippines Los Baños.

Suastra, I. M., & Menggo, S. (2020). Empowering students' writing skill through performance assessment. *International Journal of Language Education, 4*(3), 432–441. https://doi.org/10.26858/ijole.v4i3.15060

Taglucop Jr, R. E., Revelle, T. S., Dela Cruz, S. J. R., Bawaan, A. J. G., Espinosa, D. L., Escandallo, J. C., Cerna, C. B., Muegna, K. J. R., & Generalao, R. L. (2024). Comp-reading initiative (cri): an intervention plan among grade 9 non-readers. *Psychology And Education: A Multidisciplinary Journal*, *23*(5), 596-611.

Tamban, V. E., Torillos, M. T., Rodriguez, M. T., Gino-gino, K. L. & Ison, M. J. (2020). Impact of extension program in english communication skills of out-of-school youth (osy) of life project for youth (lp4y). International Journal of Research -GRANTHAALAYAH. https://doi.org/10.29121/granthaalayah.v8.i7.2020.651

United Nations. 2016. Goal 4: quality education. Department of economic and social affairs. Retrieved June 22, 2026, from https://sdgs.un.org/goals

Vacide, E. (2019). Integrating 4C skills of the 21st century into 4 language skills in EFL classes. International Journal of Education and Research Vol. 7 No. https://www.ijern.com/journal/2019/November2019/09.pdf

Waddington, J. (2023). Self-efficacy. *ELT Journal, 77*(2), 225–228. https://doi.org/10.1093/elt/ccac046

Wang, M. T., & Eccles, J. S. (2013). School context, achievement motivation, and academic engagement: A longitudinal study of school engagement using a multidimensional perspective. Learning and Instruction, 28, 12–23. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2013.04.002

Wang, X., Wan Jaafar, W. M., & Sulong, R. M. (2025). Boosting academic engagement through soft skills: The mediation of positive emotions and life satisfaction. *SAGE Open, 15*(2). https://doi.org/10.1177/21582440251367655

Wentzel, K. R., Battle, A., Russell, S. L., & Looney, L. B. (2010). Social support from teachers and peers as predictors of academic and social motivation. *Contemporary Educational Psychology, 35*(3), 193–202. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2010.03.002